

1

Hinihintay ni Desiree ang kanyang sundo. Panay ang sipat niya sa wristwatch dahil halos kalahating oras na siyang naghihintay. Hindi ugali ni Lance na paghintayin siya nang matagal.

Tumikwas ang kilay niya nang matanawan niyang paparating na ang boyfriend pero kasabay nito si Aubrey at ang best friend nitong si Susan! Parehong flirt ang dalawa at hindi siya manhid para hindi niya mapansing may gusto kay Lance si Aubrey. Ang nakakairita pa, lantaran kung landiin nito ang boyfriend niya, walang pakialam kahit nakikita niya.

She was seething mad the moment the three were in close range at parang ipinarinig pa sa kanya ni Aubrey ang pag-iimbita nito kay Lance.

“I really hope you can come to my birthday party,” ang sobrang sweet na ungot ng babae.

And in return ay ngumiti nang ubod-tamis si Lance. “I’ll try.”

“Thanks!”

Isang bakol ang mukha niya nang lapitan siya

ng nobyo.

“Nainip ba ang mahal ko? Pasensya na at ang haba kasi n’ung exam namin sa Calculus.”

“Iyong exam ba ang reason o si Aubrey?” di pa rin maipinta ang mukhang sita niya.

Nakakaloko ang ngisi ni Lance. “Uy, selos ang bata.”

Namaywang siya. “P’ano, ang sweet-sweet mo sa kanya.”

“Ako, sweet? I’m just being nice to her. Pangit namang barahin ko siya, di ba?”

“Iyon na nga, eh, nami-misinterpret ni Aubrey ang pagiging *nice* mo sa kanya!”

Napatawa nang malakas ang binata. Inakbayan siya nito. “Huwag ka nang magselos. Ikaw lang talaga ang love ko.”

Umingos siya. “Talaga?”

“Swear!”

Napawi ang selos at pagmamarakulyo niya. “Kumusta ang final exams?”

“Just as I said, mahaba—”

“But I’m sure na-perfect mo ’yon,” kumpiyansang saad niya dahil alam niyang Math whiz ito.

Magkahawak-kamay nilang nilakad ang gate palabas ng campus.

“Maaga pa, merienda muna tayo,” masayang yakag ni Lance na nakaakbay pa rin sa kanya.

Napaingos uli siya. Kaninang umaga pa niya hinihintay ang bati nito. Fourth year anniversary kasi nila ngayon bilang magkasintahan. For the past three years ay hindi ito nakakalimot. In fact, noong bago pa lang sila, sini-celebrate pa nila ang kanilang monthsary!

Pero ngayon ay niyaya lang siyang magmerienda dahil maaga pa, hindi dahil naalala nitong may dapat silang ipagdiwang.

Ayaw naman niyang siya pa ang magpaalala dito na napakaespesyal ng araw na ito sa kanya. Napaka-thoughtless!

Nilakad nila ang karinderyang paborito nilang kainan. Ilang minuto lang ay narating nila iyon. Nag-order ito ng halo-halo at chicken sandwich.

“Ikaw, kumusta ang mga exams mo?”

“Okay naman.”

“Tuloy ba ang pagre-review mo sa CPAR?”

“Nag-promise ang tita ko na siya ang magpifinance. Sana nga matuloy ako para makapag-take ng board exam sa September.”

“Pag-pray natin,” anitong nakangiti.

Iyon ang isa sa mga nagustuhan niya kay Lance, madasalin. Galing kasi ito sa pamilyang relihiyoso.

Natapos na silang kumain pero di pa rin siya binabati ng binata. Nalungkot na talaga siya nang magyaya na itong umuwi.

Sumakay sila ng jeep pauwi sa Calamba. Nang marating nila ang inuupahang bahay ay inihatid lang siya nito hanggang sa gate.

“P’ano, good night na?”

Lumabi siya. “Wala ka bang nakakalimutan?”

Kumunot ang noo ni Lance. “Wala naman. Bakit, ano ba’ng mayr’on?”

“Hmp!” ismid niya. “Sige na. Uwi ka na,” aniya, sabay tinulak-tulak pa ito.

Tumawa nang mahina ang guwapong binata. “Tampo agad?”

Umingos siya. “At ano naman kaya ang ipagtatampo ko?”

“Akala mo kasi nakalimutan ko ang anniversary natin?”

Halos magdadamba ang puso niya sa tuwa dahil sa narinig. “Naaalala mo?”

“Of course! And I have something for you. Pagpasensyahan mo na ang nakayanan ko.” May dinukot ito sa bulsa ng maong pants na suot.

She waited with excitement.

“Will you wear my ring?” tanong nito sabay pakita sa kanya ng singsing. “Lumang hikaw ito ni Lola at ipinatunaw ko...”

“Oh...” tanging nasambit niya sa sobrang galak. Tuwang ibinigay niya ang kamay rito at hinayaan itong isuot sa daliri niya ang singsing.

“I love you,” he whispered close to her ear.

“I love you, too,” she whispered back, looking straight into his eyes.

Payakap siyang kinabig ni Lance. Isinubsob niya ang mukha sa dibdib nito at hiniling na sana ay wala nang katapusan ang kaligayahan nilang dalawa.

“Paano ’yan, di, engaged na tayo? Hindi ka na puwedeng magpaligaw?” nakatawang biro nito.

Kinurot niya ito sa tagiliran. “Kahit noong wala pa ’tong singsing di na ako nagpapaligaw, ’no!”

Bahagyang tumawa si Lance. Hinagkan siya nito sa noo bago siya binitawan. “Sige na, pasok na. Alam kong pagod ka sa exam kaya hindi na ako magtatagal. Pakisabi na lang kay Tita na umuwi na ako.”

Tumango siya. “Ingat ka.”

Inihatid niya ng tanaw ang nobyo na kumaway pa sa kanya habang naglalakad palayo. Nang makita niyang nakasakay na ito ng jeep ay pumasok na siya sa bakuran nila.

Halatang masayang-masaya ang kanyang nanay pagpasok niya sa kanilang sala.

“Hi, Mommy!” bati niya sabay halik sa pisngi nito.

“Naku, katatawag lang ng Tita Rose mo, Desiree! May good news ako sa ’yo!”

“Ano ho ’yon?” excited niyang tanong na nahuhulaan na kung ano ang ibabalita ng mommy niya. She’d been praying na magkaroon na siya ng pambayad sa kanyang CPA Review.

“Tuloy ang pagpapadala niya sa ’yo ng perang pambayad mo sa review center. At ’eto pa, pasado ka o hindi’y may sigurado ka nang trabaho!”

Natuwa siya sa narinig. “Talaga ho?”

“Oo, tutulungan ka niya d’un sa pinapasukan niya. May ilang posisyon daw na mababakante.”

Her heart sank nang mapagtanto ang ibig sabihin niyon. Ang Tita Rose niya ay sa Amerika nagtatrabaho. Kapag nagkataon, magkakalayo sila ni Lance.

“G-gan’un po ba?” Pilitin man niyang pasiglahin ang tinig ay hindi niya magawa.

“Masayang-masaya ako, Anak, at unti-unti nang natutupad ang mga pangarap ko!”

Walang ibang nasa isip si Desiree kundi ang pangambang magkakalayo sila ni Lance. At nang gabing iyon ay hindi siya makatulog dahil sa alalahanin.

“Ate, kanina ka pa pabiling-biling d’yan,” puna ng kapatid na si Camille.

“H-hindi kasi ako makatulog, eh.”

“Dahil ba sa balita ni Mommy? Halata kasing tumamlay kang bigla. Nawala ’yung spark sa mga

mata mo.”

“Balita?”

“Sus, ako ba naman ay paglilihiman mo? Eh, di ’yung balitang isasama ka ni Tita Rose sa pagbalik niya sa Amerika pag nagbakasyon siya dito. Alam kong si Kuya Lance ang iniisip mo. Takot kang iwan siya.”

Napahugot siya ng hininga. “Tama ka. Ano’ng gagawin ko kapag natuloy ang planong ’yon? Parang hindi ko kayang iwan si Lance. Alam mo ’yun? Pero iniisip ko naman na sayang ’yung opportunity. Pangarap ni Mommy na makarating tayo sa States. At saka parang ang selfish ko naman kapag hindi ako sumunod.”

“Ako man ang nasa lugar mo, Ate, mahihirapan din akong mag-decide. Alam ko kung gaano mo ka-love si Kuya Lance. And I can see that he is worth loving. Pero alam ko ring mahal mo si Mommy at kaming mga kapatid mo at gusto mong mabigyan kami ng magandang kinabukasan. Basta go ka lang kung ano ’yung mas makakapagpasaya sa ’yo. At kung anuman ang maging desisyon mo, I’ll support you all the way.”

Gumaan ang dibdib niya sa tinuran ni Camille.

At least, alam niyang may isang taong makakaintindi sa kanya anuman ang maging desisyon niya.

“Thanks, Sis.”

Pinatay ni Lance ang makina ng dalang owner-type jeep.

Kabang-kaba naman si Desiree ngayong nasa tapat na sila ng bahay-bakasyunan ng pinsan nitong si Ricky. Dito siya dinala ni Lance dahil sa kakutsaba nito ang pinsan sa kanilang pagtatanan.

Kaninang umaandar pa ang sasakyan ay sinipat niya ang kanyang wristwatch at napagtanto niyang mag-a-alas nueve na ng gabi. At alam niyang past nine na ngayon dahil may kalahating oras ang itinakbo nila.

Noong isang buwan ay dumating na ang kanyang Tita Rose, kapatid ng kanyang mommy upang sunduin siya at isama papuntang New York. Ayaw talaga niyang pumunta ng States, ayaw niyang iwan si Lance. Ang nobyo lamang ang rason kung bakit pinanghihinaan siya ng loob. Ngunit pag naiisip niya ang kanyang mommy at dalawang kapatid, nakokonsyensya siyang hindi umalis.

“Are you okay?” Napapitlag siya nang hawakan ni Lance ang lamig na lamig niyang mga kamay. “You’re trembling,” nag-aalala nitong puna.

Umiwas siyang magkasalubong ang kanilang mga paningin, ayaw niyang mabasa nito sa kanyang mga mata ang agam-agam na nararamdaman. Napansin niyang nanlalamig din ang mga kamay nito.

“Natatakot ka ba?”

Without looking at him, she nodded.

Sinapo nito ang kanyang baba at marahang inangat ang kanyang mukha. Napilitan siyang titigan ang nobyo. He saw the fear in her eyes.

“Be, huwag kang matakot. I promise, I’ll take care of you. At saka pareho na tayong naka-graduate kaya madali na sa atin ang makahanap ng trabaho. At kahit nandito lang tayo, puwede naman tayong tumulong sa mga kapatid natin.”

Matamlay ang kanyang ngiti. “A-alam ko ’yon.”

“Natatakot ka ba sa mommy mo?”

A tear fell down her cheek. “O-oo, Lance. Natatakot and at the same time, nakokonsyensya ako.”

Napahugot ito ng hininga. “I feel the same, but I think this is the only way para hindi na tayo magkalayo.”

Hindi siya kumibo.

He kissed her lips. “I’m sure in the end ay maiintindihan tayo ng mommy mo. I love you too much to lose you. Ayokong sumugal dahil aware akong maraming long-distance relationships na hindi nagsu-survive. Distance is a big factor for couples to fall out of love. I trust you, pero ang hirap naman if you’re based in New York while I am in Manila.”

Bukas ng umaga dapat ang alis niya papuntang Amerika. And Lance would do everything in his power to prevent her from leaving. Matagal na nilang napag-usapan ang gagawing pagtatanan. Buo na nga pasya niya noon pa na sasama siya rito, pero ngayon ay bigla siyang naduwag sa isiping susuway siya sa gusto ng ina. Subalit paano niya iyon sasabihin sa katipan nang hindi ito masasaktan?

“Malamig na dito, Be, tara na sa loob,” yakag nito.

She began to panic. Pakiramdam niya, kapag pumasok siya sa loob ng bahay, there would be no turning back.

Lance felt her reluctance.

“Desiree?”

Kagabi ay buong-buo na ang loob niyang sasama kay Lance pero ngayon ay nagdadalawang-isip siya. Napalunok siya and looked at him helplessly. At sukat doon ay parang alam na ng lalaki ang nasa isip niya.

She was having second thoughts.

“You love me, don’t you?” nangongonsyensyang tanong nito.

Nakonsyensya naman siya. “O-of course,” she replied in a hoarse voice. Totoo iyon. First love niya si Lance. And she wanted him to be her last.

“Maraming lamok dito, baka kagatin ka,” concerned nitong sabi. “Let’s go inside, okay?”

Bantulot man ay hinayaan niyang alalayan siya ng katipan sa pagbaba ng owner-type jeep. Masuyo siyang inakbayan nito at iginiya papasok sa loob ng bahay. Hindi siya makapag-isip nang tuwid. Parang may ibang unseen forces na gumagabay sa kanya para sumunod sa bawat galaw ng nobyo.

Madilim ang buong bahay pagpasok nila. Kinapa ng binata ang switch ng ilaw at mayamaya pa ay kumalat na ang liwanag.

May bitbit na plastic si Lance. Bumili na sila ng lutong pagkain.

“Kain na tayo. Alam kong nagugutom ka na.”

Hindi niya masabi na wala siyang ganang kumain dahil sa nerbyos at takot na nararamdaman.

Sa komedor sila tumuloy. Binuhay ng lalaki ang ilaw roon. Isinalin nito sa mga mangkok at plato ang pagkaing binili. Dalawang klaseng ulam at paborito niya pareho—kare-kare at sweet and sour fish.

“Kumain ka nang madami, ha?” Nilagyan nito ng kanin at ulam ang plato niya.

Napilitan siyang sumubo kahit paano dahil nahihiya siya kay Lance. Pero hindi niya nagawang ubusin ang pagkain niya.

“Ayaw mo na?” nag-aalalang tanong ng lalaki. “Ang konti lang ng kinain mo, ah.”

“B-busog pa kasi ako. Bago tayo umalis ay nagmerienda ako,” pagdadahilan niya.

“You’re sure na busog ka?” dudang kulit nito.

Tumango siya.

Napilitan itong ligpitin na ang pinagkainan nila. Nang nag-attempt siyang tumulong ay tinaboy siya

sa sala, ito na lang daw ang bahala.

Sa living room, binuksan niya ang TV para kahit paano ay may ibang bagay na pumukaw sa atensyon niya. Wala kasing laman ang isip niya kundi ang posibleng mangyari mamaya kapag nagyaya na si Lance na matulog na sila.

Sumama siya rito at alam niya ang hantungan niyon. Ready na ba siya to be intimate with him?

Ang lakas ng pintig ng puso niya nang tumabi ng upo sa kanya ang nobyo at awtomatikong sinalikop ng braso nito ang balikat niya.

Pinansin nito ang pinapanood niya. Late program sa isang local network.

“Gabi na pala. Ayaw mo pa bang magpahinga?”

Lalong nagdadamba ang puso niya sa tanong nito. “Mamaya na lang. Magpatunaw muna tayo.”

“All right,” anito.

Natapos ang pinapanood niyang programa, medyo bumabagsak na ang mga mata niya.

“Inaantok ka na,” bulong ni Lance. Hindi niya napigilan ang paghikab. “Time to go to bed. Tara na.”

Bantulot na tumango siya. “Okay.”

Tumayo si Lance at inalalayan siya sa pagtayo. Muli ayy sumakop sa balikat niya ang braso nito at saka iginiya siya sa isang silid. Itinulak nito ang pinto.

Ang lakas ng kabog ng kanyang dibdib. Parang hihimatayin siya sa nararamdamang takot at aprehensyon. Umupo sila sa gilid ng kama. Lance cupped her face and looked deeply into her eyes.

“I love you, Baby.”

Parang may bikig sa lalamunang tumango siya. “I... I love you, too.”

Inilapit nito ang mukha at naghinang ang kanilang mga labi. Ipinikit niya ang mga mata at inihanda ang sarili upang magpaubaya sa lalaking minamahal.

Naramdaman niya ang mga kamay ni Lance sa kanyang blouse. He opened the first three buttons. Then she felt his lips on her neck gently kissing and sucking, nibbling. She gasped and shivered. Naglandas ang mga labi nito mula sa leeg niya patungo sa bahagyang nakalitaw na umbok ng kanyang dibdib. When he began to push her on the bed, she looked at him with frightened eyes.

“C-can we postpone this,Lance?” she asked hopefully.

He looked at her with confused eyes and when he saw her apprehension, he smiled with understanding. He brushed her cheek gently. “Are you afraid of me, Be?”

“O-of course not...”

“I won’t hurt you. I’ll be gentle.”

“I... I know. But—”

He put a silencing finger on her lips. “You don’t have to explain,” he said reassuringly, kissing her cheek gently. “You’re not yet ready for this kind of intimacy, right?”

With trembling fingers, Desiree touched his lips in response. May panghihinayang na lumukob sa kanyang dibdib sa alalahaning iiwan niya ito. Iyon ang dahilan kung bakit nagdadalawang-isip na siyang isuko ang sarili rito. Kailangan kasing ang isipin niya muna ngayon ay ang pamilya niya at kung paano iaahon ang mga ito sa kahirapan. Alam niyang darating din ang panahon na maiintindihan siya ni Lance sa kanyang desisyon.

Then her fingers touched his cheek. Gusto niyang i-memorize ang bawat anggulo ng mukha nito.

He looked at her lovingly. “Okay, this can wait,

Be. At kung hindi ka rin kampanteng matulog sa tabi ko, doon muna ako sa kabilang silid matutulog. Is that all right with you?”

Natagpuan na lang ni Desiree ang sarili na tumatango. She was definitely relieved sa suggestion ng nobyo. “S-sige. And thank you.”

“But can I get my good night kiss?” nakangiti nitong tanong.

Naluluhang isinubsob ang mukha sa malapad nitong dibdib. “Baby, I... I’m sorry.”

“For what?”

“B-because I... I’ve disappointed you.”

Nang iangat nito ang mukha niya ay nakita nitong umaagos na ang luha sa magkabila niyang pisngi.

He shook his head disapprovingly. “Don’t ever think that you’ve disappointed me. It’s your right to say no. At hindi naman ’yon lang ang paraan para mapatunayan mong mahal mo ako. Ang pagsama mo na lang sa akin ngayon is proof enough that you are willing to move heaven and earth to be with me for the rest of our lives.”

Parang sinaksak ng punyal ang kanyang dibdib

sa tinuran nito.

“Good night, Be. Sleep tight.” Hinagkan muna siya nito sa mga labi bago tumayo.

And when Lance closed the bedroom door behind him, she knew her world had stopped revolving. Dahil desidido na siyang iwan ito. Kailangang i-prioritize niya ang kapakanan ng pamilya.

Umiiyak na isinubsob niya ang mukha sa kama. “I’m sorry, Lance. I hope you’ll forgive me...”

Nang tiyak niyang natutulog na ito sa kabila ay tahimik na lumabas siya sa silid na kinaroroonan at patalilis na nilisan ang bahay-bakasyunan.

2

Nakatayo sa baybayin ng ilog ng Sta. Cruz si Lance habang pinagmamasdan ang malinis na tubig. Iyon ang isa sa mga tagpuan nila ni Desiree. Marami silang masasayang alaala roon. At hindi niya mapaniwalaang ngayon na natatapos ang lahat.

Dahil tinapos na ni Desiree.

May luhang naglandas sa kanyang pisngi at marahas niya iyong pinahid ng kanyang bisig. Hindi siya iiyak. Hindi niya iiyakan ang babaeng nagawang ipagpalit siya sa pangarap!

Tila gustong durugin ni Lance ang hawak na bote ng gin nang sakmalin iyon nang buong higpit dahil sa galit. Napasalampak siya sa batuhan. Gusto niyang lunurin ang sarili sa nakalalangong inumin para kahit sansaglit ay makalimutan ang sakit na tila balaraw na humihiwa sa kanyang puso.

Paggising niya kaninang umaga ay wala na si Desiree sa silid nito. Tanging ang singsing na bigay niya rito ang natagpuan niya sa kama. Iniwan ng babae ang bigay niyang engagement ring.

Hindi siya estupido para hindi makuha kung

ano ang ibig sabihin niyon. Mas pinili ni Desiree ang buhay sa Amerika! Pakiramdam ni Lance ay wala nang rason para mabuhay pa.

Lumagok siyang muli ng gin.

“Lance?”

Sumikdo ang dibdib niya nang mapatingala, inaasahan pa rin na si Desiree ang makikita, na babalik ang babaeng ipinangako niyang mamahalin buong buhay niya. Napakurap-kurap siya upang linawin ang aandap-andap nang paningin dulot ng kalasingan.

Nang makilala niya kung sino ang nakatayo sa harapan niya ay gumuhit ang disappointment sa kanyang mukha. Si Aubrey lang pala.

Umupo ito sa tabi niya. “Nabalitaan ko ang pag-alis ni Desiree...”

Shit! Ayaw niyang marinig iyon! Tinungga niyang muli ang paubos nang gin.

“Bakit kailangan mong magpakalunod sa alak?” Hinawakan nito ang kamay niya. “Look, Lance, she’s not worth it. Open your eyes, maraming babae na naghihintay lang na mapansin mo.”

Napatiim-bagang siya at umiling. “H-hindi ko

kailangan ang ibang babae.” Dinukot niya ang singsing sa pangharapang bulsa ng maong, namumungay ang mga matang tinitigan iyon. “N-nakikita mo ang singsing na ’to? Ipinapangako k-ko, wala nang sinumang magsusuot nito dahil hinding-hindi na ako muling magmamahal pa.”

Masama ang tingin ng dalaga sa singsing.

Tinungga ni Lance ang bote at sinaid ang natitirang laman niyon. Nang ibato niya ang basyong bote ay dalawa na ang tingin niya kay Aubrey. Tumayo siya, umiikot ang paningin at bumagsak. Maagap siyang nayakap ng babae.

Humulagpos sa kamay ni Lance ang hawak na singsing, gumulong at bumagsak sa batuhan...

Nasa himpapawid na ang eroplanong sinasakyan ni Desiree ay parang pinipiga pa rin ang puso niya sa dalamhating nararamdaman. Iniwan niya si Lance kapalit ng kanyang mga pangarap. Hindi siya maligaya sa kanyang desisyong isakripisyo ang kaligayahan nila ng nobyo. Pero alam niyang iyon ang tama. Balang araw ay maiintindihan din siya nito.

Habang nakatanaw siya sa bintana, sa mga ulap ay mukha ni Lance ang kanyang nakikita. Hindi niya

napigilan nang bumalong ang luhang kanina pa niya pinipigilan. Isinubsob niya ang mukha sa mga palad.

I'm sorry, Lance. I hope you'll forgive me...

From the sixtieth floor of a high-rise building, Desiree was looking down on a busy New York street. Parang hindi pa rin siya makapaniwalang eight years na siya sa States. Fate has been good to her. She had a successful career. Business Consultant siya sa isang software development company.

At engaged na rin siya sa anak ng may-ari ng naturang kompanya.

Ito ang kapalit ng malaking sakripisyo niya noon. Eight years ago, she had to make a difficult decision. She had to choose between a career and the man she loved.

And she chose her dreams, leaving the man she loved behind.

Ang kalungkutang biglang bumalot sa kanya ay tila malamig na hanging dumampi sa kanyang dibdib.

Kumusta na kaya siya? naitanong niya sa sarili, heaving a deep breath.

Ito ba ang dahilan kung bakit pakiramdam niya ay hungkag pa rin ang buhay niya despite her success? Dahil nanghihinayang pa rin siya sa naging kapalaran ng kanilang pag-ibig?

Napatingin siya sa kaliwang kamay. Sa palasinsingan ay nakasuot ang diamond engagement ring—bigay ni Brian, ang kanyang fiancé.

Eight years ago, kung sinunod lang niya ang kanyang puso, ang wedding ring sana ni Lance ang kanyang suot-suot ngayon. Kasal na sana siya rito. And perhaps she had two or three kids with him already? And probably having the best times of her life with him and their children...

Natigilan siya sa naging daloy ng isipan.

Stop it for Pete's sake! kastigo niya sa sarili. You have a good career now, Desiree! If you followed your heart, baka isang simpleng may-bahay ka lang, struggling sa kakarampot na sahod ninyong mag-asawa.

Pero hindi, alam niyang matalino si Lance at kaya silang buhayin.

She sighed. Wala nang kabuluhang pagnilayan pa kung ano sana ang naging buhay niya kapiling si Lance. Their relationship had ended a long time ago.

Pero malaking katanungan pa rin sa kanya kung ano ang mararamdaman niya sa pagbabalik niya sa Pilipinas at bigla silang magkita ng lalaki matapos ang mapait nilang paghihiwalay. Plano niyang umuwi dahil sumulat ang pinsang si Roxanne at ibinalitang may sakit ang daddy niya. Tuluyan na rin umanong na-foreclose ang dalawampu't limang ektaryang lupain nito sa Victoria, Laguna.

Gusto niyang tulungan ang ama na mabawi iyon bago pa man may makabiling iba. She knew it was painful for her father dahil ang farm na iyon ay minana pa sa ninuno nito. Sayang, sana ay kaagad ipinagtapat sa kanya ng pinsan ang tungkol doon. Disin sana ay hindi na umabot pa sa ganoon.

Muli niyang naalala si Lance.

Paano nga kung magkita sila ng dating katipan? Paano niya ito pakikiharapan?

Hindi pa ba siya nakaka-recover sa naging ending ng kanilang relasyon? At si Lance, naka-move on na kaya ito? Kung oo, then naiinggit siya. Sana ay may kakayahan din siyang kalimutan ito nang ganoon kadali.

Pagtuntong niya sa States, kaagad niyang sinulatan si Lance. Humingi siya ng tawad. Halos

araw-araw ay sumusulat siya kahit wala ni isang liham siyang natanggap mula rito. Sa lahat ng liham niya ay naroon ang paghingi ng patawad, ang pagsasaad kung gaano niya ito kamahal at ang pagsusumamong hintayin siya nito.

Sa loob ng isang taon ay walang sawa siyang sumulat. Pero wala siyang natanggap ni isang sagot mula sa lalaki. At napagod na rin siya.

“A penny for your thoughts.”

Bahagya siyang nagulat nang marinig ang tinig ni Brian na hindi niya napansing nakalapit na pala sa kanya. Mula sa likuran ay yumakap ito sa kanya.

Saglit muna siyang sumandig sa malapad na dibdib ni Brian bago nakangiting humarap dito. “Are we leaving?”

“If you’re ready.”

“I am. Let’s go?”

He kissed the tip of her nose bago siya nito pinakawalan.

Dinampot niya ang shoulder bag sa desk at nakangiting ikinawit ang kamay sa bisig ng lalaki.

Nang nasa elevator na sila ay manaka-naka

niyang sinusulyapan ang nobyo. Nakokonsyensya siya dahil sa tuwina ay binabalot pa rin siya ng alaala ni Lance. Inaamin niyang mahal pa rin niya ang dating kasintahan at hindi niya pa lubos na naibabaling sa fiancé ang kanyang damdamin. Pero alam niyang mali iyon. Dapat na niya itong tuluyang kalimutan.

She should feel blessed for having a boyfriend like Brian. Dahil kahit hindi sila pareho ng kulturang kinalakhan, hindi nito ipinipilit na maging intimate sila. Nirerespeto nito ang kanyang paniniwala na kailangang untouched pa rin siya until the day of her wedding. And that only proved how much he loved her.

Inaamin niyang napakahalaga sa kanya ng kanyang virginity. Kaya nga kahit sobra ang pagmamahal niya noon kay Lance ay hindi niya iyon ibinigay kahit alam niyang magkakalayo na sila. Because she believed that her chastity was the greatest gift she could offer her husband.

Nang lulan na sila ng kotse ni Brian ay naalala niyang banggitin dito ang kanyang napipintong pag-uwi sa Pilipinas.

“Brian, I’m going to visit my father.”

Bumakas ang concern sa mukha nito. “Something

happened?”

Naroon ang lungkot sa kanyang mga mata. “He’s not well, and I have to do something about the farmland.”

“Have you told your mom about your decision?” Hindi lingid dito ang tungkol sa paghihiwalay ng kanyang mga magulang.

Humilig siya sa head rest ng car seat at pumikit. Sumasakit ang kanyang ulo sa kaiisip kung ano ang gagawin niyang approach sa ina. Ayaw niyang magkasamaan sila ng loob.

“Not yet, but she has to understand.” Napabuntong-hininga siya. Alam niyang mahihirapan siyang magpaalam sa ina.

Naroon na rin sa New York ang mommy niya at dalawang kapatid. Nakapagpundar na sila ng ina ng bahay.

Pagdating doon ay nagluto siya ng hapunan at nagsalo sila ng nobyo. Nanood muna sila ng TV bago nagpaalam ang binata.

Sa kanyang silid, hindi siya dalawin ng antok. Binabagabag siya ng sulat ng pinsang si Roxanne. Kawawa naman ang daddy niya, wala nang pamilya,

wala pang ari-arian. And she heard, iniwan na rin ng babae nito...

Naulinigan niya ang kotse ng ina na dumating. Isa na itong nurse sa *Montefiore Medical Center*. Hindi na siya bumangon. Bukas ng umaga na lang siya magpapaalam dito.

She closed her eyes and forced herself to sleep.

Kinabukasan ay naabutan niya ang ina na naghahanda ng almusal. Habang nagluluto ay pakanta-kanta pa ito. Parang ayaw niyang sirain ang good mood nito.

“Hi, Sweetie,” masigla nitong bati. “Umupo ka na at nang makapagkape.”

Tumalima siya’t hinila ang isang silya. Nagsalin ng brewed coffee ang inang si Diane sa dalawang tasa. Nakangiting inilapag nito sa harap niya ang isang tasa.

Dati ay napapangiti siya sa amoy ng brewed coffee. Pareho nilang iyong ini-enjoy na mag-ina, pampagising sa umaga. Pero ngayon, hindi niya pansin ang aroma ng kape.

Umupo si Diane sa tapat niya at tinitigan

siya nang mat pagtatanong nang mapansing tila nangangalumata siya.

“Is something wrong?”

Humugot siya ng malalim na hininga. “M-Mommy, balak ko sanang umuwi sa Pilipinas.”

Natigilan si Diane sa gagawing paghigop ng kape. “Are you asking my permission?”

“Y-yes...” kabado niyang tugon.

“And why all of a sudden?”

“Sinulatan ako ni Roxanne. May sakit daw si Daddy.”

Narinig niya ang pag-hugot ng hangin ni Diane. Ni katiting na concern ay walang bumakas sa mukha nito. Dahan-dahan nitong inilapag ang tasa sa saucer at tinapunan siya ng tinging nanunumbat. Ayaw niyang pansinin iyon although she felt guilty dahil ngayon ay tila pinapanigan pa niya ang ama.

“Mommy, Dad needs our help. Walang-wala siya.”

“That’s his karma.”

“Mom!” hindi natutuwang saway niya rito.

Tumayo't tinalikuran siya ng ina at nagsimula na itong magprito ng itlog. Minasdan niya ang likod nito. She noticed the stiffness. Alam niya kung ano ang nararamdaman nito ngayon.

Tumayo siya at nilapitan ang nagmamarakulyong ina. "Mommy," aniya sa nang-aalong tinig sabay yakap dito. "Let bygones be bygones."

"How could you say that? Ipinagpalit niya tayo sa kabit niya!" punung-puno ng hinanakit na sambit nito. "At ngayong inubos ng babaeng iyon ang kanyang salapi at ari-arian ay lalapit siya sa atin?"

Muli siyang napabuntong-hininga sa tinuran ng ina. "You know that's not true. Napilitan lang siyang pakisamahan 'yung babae because she was threatening him na sasaktan tayo. At kayo, lumayong hindi na ipinaglaban ang karapatan."

Hindi kumibo si Diane.

Alam ni Desiree na nasaling niya ang damdamin ng ina.

"I'm sorry, Mommy. But Dad has been a good father sa aming magkakapatid. And I love him."

Hindi iyon kinontra ng ina dahil alam nitong tama siya. Inilapag ni Diane ang fried eggs sa table.

“Kumain na tayo,” paiwas nitong sabi. Umupo ito at sinimulang higupin ang kape.

Umupo siyang muli sa binakanteng silya at sinubukang salubungin ang umiiwas na tingin ng ina. “Mommy, may isa pang problema kaya ako uuwi. Ibinalita rin ni Roxanne na tuluyan nang na-foreclose ang farm sa Laguna.”

Kumunot ang noo nito. “At ano ang plano mo?” This time ay tinitigan siya nito at naroon ang labis-labis na pagtutol sa kanyang gagawin.

“Kailangan kong mabawi ’yon sa bangko.”

“Paano kung may nakabili na?”

Alam niyang dini-discourage siya ng ina. “Makikiusap ako sa bagong may-ari. Ipapaliwanag ko kung gaano kahalaga sa Daddy ang lumang property na ’yon. If... if I have to double the price, I’ll do it.” Determinado ang kanyang tinig.

“But that property costs a fortune! Lahat ng ipon mo’y mauubos, Desiree!”

Malungkot ang kanyang ngiti. “It’s all right, kaya kong ipunin muli ang halagang ’yon, Mommy.”

“Bakit kailangan mong magsakripisyo para sa daddy mo?”

“Dahil mahal ko siya. Alam kong napakahalaga sa kanya ng lupang ’yon na minana pa niya sa kanyang lolo. Malapit na ang kaarawan niya at gusto kong ibigay ’yon sa kanya as birthday gift.”

Bahagyang napailing si Diane, humigop ng kape at dahan-dahang ibinaba ang tasa. Pagkuwa’y humugot ito ng malalim na hininga. “Kailan ang uwi mo?”

Lumiwanag ang kanyang mukha. “Pinapayagan mo ako?”

She shrugged. “I guess I can’t do anything to change your mind. Kilala kita, you’re stubborn.”

“Just like you, Mommy,” aniyang nalilipos ng kaligayahan dahil pumayag na ang ina. Tumayo siya at niyakap ito. “Thank you for being understanding.”

Halatang mabigat pa rin sa dibdib nito ang payagan siyang makipagkita sa ama. “And how long are you planning to stay in the Philippines?”

“Pinakamahaba na siguro ang two months, Mommy. Hayaan n’yo, babawi ako sa inyo pagbalik ko.”

3

Ilang minuto na lamang at magta-touch down na ang sinasakyang eroplano ni Desiree. At dinig niya sa speaker ang boses ng stewardess na nagsasabing: *Please fasten your seatbelts, we are about to land...*

Matapos ma-claim sa baggage area ang kanyang mga bagahe, sinuyod niya ang pulutong ng mga taong naghihintay sa arrival area ng airport, umaasang makakita ng pamilyar na mukha.

“Desiree!”

Nakapukaw sa kanyang atensyon ang tuwang sigaw na iyon. Nakita niya si Roxanne at ang asawa nitong si Kevin. Isa ang lalaki sa mga barkada nila noon at hindi niya akalaing ito at ang pinsan ang magkakatuluyan.

Hanggang tainga ang ngiti ng kumakaway na pinsan. “Desiree, ’andito kami!”

Napangiti siya at buong tuwang tumakbo palapit sa mga ito.

Mahigpit niyang niyakap si Roxanne. Hindi magkamayaw ang kumustahan nila.

“Kumusta na? Grabe, ang ganda-ganda mo lalo, Desiree! Mukhang imported ka na!”

Ang lakas ng tawanan nila.

“Roxanne, I’m still the same. Hindi pa rin nako-corrupt ang mga values ko sa buhay.”

Bumulong ito sa kanya. “Don’t tell me you’re still a virgin?”

Pinandilatan niya ito. “Of course naman!”

“Talagang pinanindigan mo, sister, ha?”

Naghagikgikan sila.

“Isali n’yo naman ako...”

Natawa sila sa sabat ni Kevin.

“Pasensya ka na sa ’min. Alam mo na, it’s been eight years!” nakabungisngis na paumanhin niya sa lalaki.

Binitbit nito ang mabibigat niyang bagahe. “Tara na sa kotse at doon n’yo na lang ituloy ang kuwentuhan.”

Nakiagos sila sa mga taong palabas ng NAIA. Tinungo nila ang parking lot at sumakay sa dalang *Toyota Corolla* ng mag-asawa.

“Kumusta na pala si Daddy? May sakit pa ba?” nag-aalalang tanong niya.

“He’s recovering,” ani Roxanne.

Nakahinga siya nang maluwag sa narinig. “I’m glad. Sobra akong nag-aalala sa kanya. Alam kong nahihirapan siya dahil malayo kami sa kanya.”

“Nandito naman kaming mga pamangkin niya at nand’yan si Mommy na kapatid niya. Sabagay, iba pa rin ’yong talagang pamilya niya. Sina Camille at Eileen, hindi ba dadalaw sa kanya?”

“May plano. May pasok pa kasi si Eileen. Si Camille, kaka-start lang d’un sa work niya kaya hindi nakasama sa akin. Inggit nga ’yung dalawa, eh. Heto nga’t ang hahaba ng dala kong sulat galing sa kanila para kay Daddy.”

“Eh, si Tita Diane, wala pa bang planong bumisita?”

Napahugot siya ng hininga. “I don’t know. Pero I’ll convince her. Gusto kong magkasundo na silang dalawa. Kahit bilang magkaibigan lang.”

“Well, good luck to you. Sana nga mapatawad na ni Tita Diane si Tito Rico.”

“I hope so, too.”

“Siyanga pala, hindi ka naka-attend n’ung wedding namin ni Kevin. Nakita mo na ba ang mga pictures sa *Facebook*?”

“Hindi na ako nakakapagbukas ng *FB* ko these past few months dahil very busy ako.”

Ang totoo ay sadyang hindi na siyang nagbubukas ng nabanggit na social networking site dahil takot siyang ma-update tungkol kay Lance. Ayaw niyang mabalitaang may pamilya na ito.

“Ay, sayang, hindi mo nakita kung gaano kaguwapo si Lance! Siya ang best man namin!”

Binalot siya ng tensyon sa sinabi ng pinsan. Gayunpaman, ayaw niyang ipahalata sa dalawa na apektado siyang masyado sa pagkabanggit lang ng pangalan ng dating katipan. She tried to be nonchalant.

“Really?”

“Yes. Hindi mo ba siya kukumustahin?” pilyang tanong ni Roxanne.

“Oo nga. Kumusta na siya? I’m sure meron na siyang pamilya.”

Kumislap ang mga mata ni Roxanne. “Matuwa ka, Pinsan, dahil wala pa!”

Hindi niya maipaliwanag kung bakit sa isang sulok ng kanyang puso ay nakaramdam nga siya ng tuwa.

Sinupil niyang lumabas ang excitement sa tinig.

This is ridiculous, aniya sa sarili, engaged na ako sa iba!

“I’m sure he’s already found a new love.”

“Wala pa, Pinsan!”

“Oh, come on, Rox, the last we heard, he was dating someone,” salungat agad ni Kevin.

May pinong kurot sa kanyang puso sa narinig mula sa bibig mismo ng best friend ni Lance.

“He deserves to be happy,” aniyang hindi ipinahalata ang disappointment.

Nasira ang kung anumang romantic notion na nabuo sa isipan ni Desiree. Sabagay, dapat siyang mahiya. Ang kapal ng mukha niya para isiping ayaw pang mag-asawa ni Lance dahil hinihintay siya.

“Wala na ba talagang chance para sa inyong dalawa na magkabalikan?” umaasam na tanong ni Roxanne, at pinukulan ng nagbabagang tingin ang asawa dahil sa pagiging chismoso.

“Hindi na puwedeng maging kami. I’m already engaged. See?” At ipinakita pa niya ang suot na engagement ring. “And besides, masyadong masakit ang pagkakalayo namin. I’m sure, hanggang ngayon ay mas gugustuhin pa niyang hindi na lang ako makita.” Masakit sa dibdib niya ang tinuran.

Ngunit alam niyang iyon ang katotohanan at kailangan niyang tanggapin. Iyon ang kabayaran ng kanyang desisyon noon.

“Hindi naman siguro. Walong taon na rin ang nakalipas and I’m sure he’d already forgiven you.”

Sana nga ay napatawad na siya ng lalaking walang dudang hanggang ngayon ay may puwang pa rin sa puso niya.

Mahaba ang kanilang biyahe papuntang Laguna. Nagulat siya sa malaking pagbabago sa kanilang probinsya. Naglipana na ang mga business establishments at subdivisions sa dati ay palayan at talahiban.

Sa wakas ay narating nila ang *Bel-Air Subdivision* sa Sta. Rosa, Laguna. Doon nakakuha ng bahay sina Roxanne at ang asawa nitong si Kevin. Nadatnan nila ang kanyang ama na naghihintay na sa balkonahe.

“Daddy!” Yumakap siya nang buong higpit dito.

“I’m so glad you’re here, Hija.”

Napansin niyang namamasa sa luha ang mga mata ng ama dahil na rin sa halong ligaya na nandito siya. Pangungulila na rin siguro sa dalawa pa niyang kapatid.

“I heard you’re unwell, Dad, at hindi ko kayo puwedeng pabayaan.”

Nagliwanag ang mukha nito. “Hanggang kailan ka naman dito, Anak?”

“As long as you need me, Daddy.”

Lalong natuwa ang ama sa narinig at bumakas iyon sa mukha nito. At para kay Desiree ay sapat nang premyo iyon sa kanyang pag-uwi.

Hindi na nag-aksaya ng panahon si Desiree. Lihim siyang nakipagkita sa abogado ng pamilya sa San Pedro dahil baka makahalata ang kanyang ama sa balak niya. She wanted it to be a surprise for her dad kapag nagtagumpay siyang bawiin ang lupa.

At mula sa abogado ay nalaman niya kung gaano ka-financially drained ang kanyang ama.

“May nakabili na ng property ni Daddy at ayaw

sabihin ng bangko kung sino siya?” dismayado niyang kumpirma sa balita ni Atty. Ladero.

“I’m afraid so, yes. Iyon daw ang request ng bagong owner.”

Napabuntong-hininga siya. “Well I guess there’s no other way but to personally visit the property, I might chance to see the new owner.”

“Ayaw mo bang ako na ang pumunta doon?”

Nag-isip siya. “No, thanks, Attorney. Mainam siguro kung ako na ang personal na makausap ng bagong may-ari.”

“Ikaw ang bahala. Kung kailangan mo ang tulong ko, just call me.”

Bago sila naghiwalay ay inihatid muna siya ni Atty. Ladero sa kotse ni Kevin na kanyang hiniram.

“Okay, Miss Mendez, good luck.”

Nagkamay silang dalawa.

“Thank you, Atty. Ladero.”

Sinipat niya ang kanyang wristwatch. It was only one in the afternoon at maaga-aga pa siyang makakarating sa Victoria, Laguna kung saan naroon ang farm nila... dati.

Ang bilis ng kanyang biyahe dahil walang traffic. She left the motorway at pumasok sa isang dirt road na patungo sa kanilang barrio. Ang lubak na daan ang palatandaan niyang palapit na siya sa lupaing minana ng ama.

Binalot ng alikabok ang kalsadang tinatahak niya nang humahagibis na dumaan ang isang truck na puno ng kalalakihang tila galing sa farm. Itinabi niya ang sasakyan at umibis mula roon.

Nakalaglag na sa lupa ang karatulang nagsasabing: *This Property is For Sale*. Nahagip din ng kanyang mata ang isang mohon na bahagyang nakabaon sa lupa. Nakasulat doon ang initials ng ama. Matataas na ang mga damo at talahib pero mahihinuhang tinatrabaho na ang pagsasaayos ng paligid.

Iginala niya ang paningin. The whole place was abandoned. Pati mga alaga nilang baka ay wala na. Lalo siyang nakaramdam ng panghihinayang.

Sayang.

Kung maaga lang sana niyang nalamang naghihirap na ang kanyang ama at nakasangla ang property na ito, di sana, naagapan niya bago tuluyang na-foreclose. Sigurado siyang magkakaroon ng pagbabago pati sa ancestral house at bahagya

siyang nangamba. Nakita niyang nakaipon sa isang bahagi ng farm ang ginamas na damo at talahib, handa na para sunugin. Nahulaan niyang ang mga lalaking sakay sa truck na nasalubong niya kanina ang nagsipaglinis sa lugar.

Araw ng paggawa, posibleng nasa bahay ang may-ari.

Bumalik siya sa kotse at pinaandar iyong muli. Natanawan niya ang malalaking kural ng baka at kambing—maayos at malinis—tila inihahanda. Nalungkot siya dahil na-miss niya rin ang mga alagang hayop na nagbibigay ng dagdag na saya sa tanawin noon.

Tumigil siya sa harap ng solidong tarangkahang-bakal na ngayon ay kulay kalawang na, wala na ang dating matinkad na pinturang dilaw. Tinanaw niya ang dalawang gradong bahay-Kastila at lalo siyang nakaramdam ng nostalgia. Ang bahay ay nagsisilbing retreat house noon sa kanila kapag hindi na sila makaagapay sa bilis ng takbo ng buhay sa lunsod.

Huminga muna siya nang malalim bago bumaba ng kotse. Itinulak niya ang hindi nakakandadong gate. Tinungo niya ang front door at nag-doorbell. Ngunit nakakailang pindot na siya ay wala pa ring sumasagot.

May tao nga kaya?

Sinubukan niyang pihitin ang doorknob, natuklasang hindi iyon naka-lock, at sa marahang pagtulak niya ay bumukas ang pintong yari sa narra.

“Tao po?” tawag niya.

Ang tanging tugon ay ang alingawngaw galing sa loob. Bahagya pa siyang nag-alangang pumasok dahil pakiramdam niya ay trespassing na ang kanyang ginagawa.

Pagtapak niya sa loob ay lalong lumala ang nostalgia na kanyang nararamdaman. Matapos ang mahabang panahon ay ngayon lang niya namalas muli ang bahay na kinalakhan at nakalulungkot na hindi na ito tulad ng dati.

Hindi pa gaanong nalilinisang ang bahay, bagaman may mga palatandaan na rin na sinisimulan na itong ayusin.

Nanghinayang siya sa mga antigong muwebles at chandeliers na ngayon ay wala na. Pero ang pinakamasakit ay wala na ang masayang pamilya na ang halakhak ay pumuno sa buong kabahayan.

Pumanhik siya sa pangalawang palapag. Tuwang pinasadahan sa kamay ang hawakan ng hagdanan na

nililok mula sa kahoy na narra. Hindi sinasadyang napadako ang paningin niya sa dati niyang silid. Ilang saglit siyang napako sa kinatatayuan. Nagtatalo ang loob niya kung sisilip siya o hindi na lang.

Ngunit natagpuan din niya ang sariling lumalapit doon. Pinihit niya ang seradura at itinulak pabukas ang pinto at saka kakaba-kabang sumilip.

To her surprise, the room was neat and tidy. Even the beddings were clean. Animo may gumagamit at natutulog doon.

At habang naroon ay bigla siyang nakaramdam ng goosebumps dahil parang may mga matang nakamasid sa kanya. Awtomatiko niyang nayakap ang sarili.

“To whom do I owe this visit?” Ang baritonong tinig ay nang-uuyam.

She whirled around. Natagpuan niya ang isang six-footer at guwapong lalaking nakatayo sa pintuan. Madilim ang bagsak ng mukha nito.

“Lance!” singhap niya nang makilala ito.

She was shocked to say the least. Ito ang pinakahuling taong inaasahan niyang makita nang mga sandaling iyon.

Kahit tigagal, natagpuan niya ang sariling pinag-aaralan ang mukha nito. He looked the same as she remembered, only... more mature, taller, broader.

Halatang galit si Lance sa pagkakatitig nito sa kanya. Magkasalubong ang mga kilay at nakatiimbagang. Nanunumbat ang tingin. Kung maaari lang sigurong derechahan siya nitong sumbatan sa pagtakas niya rito eight years ago ay gagawin nito nang mga sandaling iyon.

“A-ano’ng ginagawa mo dito?” asal ang kaba sa dibdib na tanong niya.

Walang kangiti-ngiti. “Funny, I’m about to ask you the same question.”

Natitilihang napakunot siya ng noo. “A-ano’ng ibig mong sabihin?”

“This happens to be my property.”

Parang bombang sumabog sa kanyang pandinig ang sinabi ng lalaki. And she couldn’t speak, she could only stare at him in disbelief.

Lumapit sa kinatatayuan niya ang lalaki at bahagya siyang nag-panic. “I’d like to think you came back for me. Have you come to realize that you still love me, Desiree?” sarcastiko nitong tanong. “O,

pumunta ka ba dito para bisitahin ang farm, hoping to get it back?”

Nabanaag niya ang saglit na hapding dumaan sa mga mata ni Lance nang banggitin ang huli dahil parang nakatitiyak na itong iyon ang talagang rason kung bakit siya naroroon. Hindi niya kayang salubungin ang nanunumbat na tingin nito.

Humugot siya ng malalim na hininga. Paano ba niya sasabihin dito na tumpak ito sa pangalawang hula without adding insult to injury? Parang ang kapal ng mukha niya. Iniwan niya ito noon; ngayon aagawan naman niya ng ari-arian?

Ilang ulit na siyang humingi ng tawad sa kanyang mga sulat at e-mails pero hindi nito ipinagkaloob iyon. Ngayong personal na siya nitong kaharap ay muli siyang hihingi ng paumanhin. Kailangan nitong malaman how sorry she was.

“Lance, sana mapatawad mo ako for what happened eight years ago. I... I really didn't meant to hurt you.”

“But you did,” mariin, halos sa pagitan lamang ng magkalapat na labing bigkas nito.

Napatungo siya, tandang inaamin ang pagkakasala. “I... I'm so sorry. I really am.”

Napakuyom ang kamay nito. “I bet you are,” pang-uuyam nito na halatang hindi naniniwala sa sinseridad ng sinabi niya. “Sana’y hindi ka na lang bumalik, Desiree,” patuloy nito sa naghihinakit na tinig. “Nakalimutan na kita. Natanggap ko na noon pa na bahagi ka na lang ng kabataan ko.”

Naramdaman niya ang pag-iinit ng mga pisngi sa sinabi ng dating kasintahan. Parang sasabog ang dibdib niya sa bigat ng loob. Hindi nga siya nagkamali, galit pa rin sa kanya si Lance.

Naramdaman niya ang pangigingilid ng luha. Nagsisisi naman na siya. Eight years din niyang dinala sa kanyang konsyensya ang ginawa niya rito.

Nag-angat siya ng paningin. Her expression was begging for forgiveness. “What can I do to make you forgive me?”

Nagtagis ang mga ngipin nito. “Nothing.”

Daig pa niya ang sinampal sa tugon nito. Nothing would make him forgive her!

“I... I’m so sorry...” hibik niya.

Then she turned her back and fled.